



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 3, 2021  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt - 415.517.4147

### **Nagsisimula ngayong araw ang panahon ng Iligtas ang Hangin sa ulap-usok**

*Hinihikayat ang mga nagbibiyaha na humanap ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa habang lumuluwag ang pandemya*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang pagsisimula ng panahon ng Iligtas ang Hangin sa ulap-usok ngayong araw, Lunes, Mayo 3.

Ang mga sasakyan sa mga kalsada ng Bay Area ang pinakamalaking pinagmumulan ng ulap-usok at mga gas ng greenhouse sa rehiyon. Hinihikayat ng kampanyang Iligtas ang Hangin ang mga residente na bawasan ang pagmamaneho at humanap ng mga paraan upang baguhin o alisin ang kanilang mga pagbiyahe upang makatulong na mabawasan ang ulap-usok at trapiko sa Bay Area.

“Dahil ang trapiko ay kasintindi na ng bago pa magkaroon ng pandemya at mas maraming empleyado ang bumabalik sa kanilang mga lugar ng trabaho, nanganganib ang ating kalidad ng hangin,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Hinihiling namin sa mga residente ng Bay Area na isaalang-alang ang mga alternatibo sa pagbiyahe gaya ng pagtatrabaho mula sa malayo, paggamit ng transportasyon at paglalakad o pagbibisikleta papunta sa trabaho sa halip na magmaneho nang mag-isa para mabawasan ang nakakasamang pagpaparumi sa hangin at pagkakabuhol-buhol ng trapiko.”

Kasabay ng paglulunsad ng pahahon ng Iligtas ang Hangin sa ulap-usok ang pagsisimula ng **Linggo ng Kamalayan sa Kalidad ng Hangin ng 2021**, isang pambansang kampanya upang itaas ang kamalayan sa kalidad ng hangin at bigyan-inspirasyon ang mga tao na gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang kanilang kontribusyon sa pagpaparumi sa hangin. Hinihikayat ng kampanya ngayong taon ang mga residente na suriin ang Indeks ng Kalidad ng Hangin araw-araw upang masubaybayan ang mga kasalukuyang antas ng ulap-usok, o polusyon sa ozone, sa kanilang lugar.

Sa mga mas mainit na buwan, inilalabas ang Mga Alerto na Iligtas ang Hangin kapag tinatayang aabot ang polusyon sa ozone sa hindi malusog na antas. Maaaring maging sanhi ang ozone ng pangangati ng lalamunan, paninikip at pananakit ng dibdib. Maaari nitong simulan ang hika, pamagain ang sapin ng mga baga at palalain ang brongkitis at emphysema. Partikular na mapanganib ang pagpaparumi sa ozone para sa mga bata, matatanda at iyong may mga sakit sa baga at sa puso. Kapag may inilabas na Alerto na Iligtas ang Hangin, limitahan ang pag-ehersisyo sa labas sa dapit-hapon kapag pinakamataas ang konsentrasyon sa ozone.

Upang malaman kapag may pinairal na Alerto na Iligtas ang Hangin:

- Mag-sign up sa mga alerto sa text sa pag-text ng salitang “START” sa 817-57

- Kumonekta sa Spare the Air sa Facebook o Twitter
- Bisitahin ang website na [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org)
- Tumawag sa 1(800) HELP-AIR
- Mag-sign up para sa email na AirAlerts sa [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org)
- I-download ang Spare the Air app sa iPhone o Android

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)